THE FILIPINO-CANADIAN NEWS AND INFORMATION www.talibaFlipzMedia.com

# TALIBA

#556 DEC 16-31, 2025 ISSUE FlipzMedia PUBLISHED IN TORONTO, ONTARIO

# Dobleng Ingat mga Kabayan laban sa sobrang lamig dulot ng 'POLAR VORTEX' pumapasok sa Canada




**Noong 2014, ang term na "polar vortex" pumasok sa buong Canada at U.S. habang bumaba ang temperatura. Sa ilang lugar, mas malamig pa ito kaysa sa Mars.**

Sinabi ng forecasters na parte ng Western at Central Canada mararamdaman ang epekto ng naturang phenomenon na magdadala ng frigid weather sa mga darating na linggo.

Bagama't ang term ay naging popular isang dekada na ang nakaraan, sa katunayan, ang polar vortex ay palaging nandiyan. Kadalasan nananatili ito sa mataas na lugar sa norte.

Ang polar vortex ay nasa upper atmosphere, espisipiko sa stratosphere. Kung ito ay stable, doon ito mananatili. Gayunpaman, minsan sa taglamig, ito ay nagde-destabilize at pumupunta sa timog, dala ang malamig na hangin sa lower altitudes. Ito ay nag-i-interact sa jet stream sa troposphere, kung saan nakatira ang mga tao, at iyon ang nagdadala ng mas malamig kaysa normal na temperatura.

Once every two years there is a disruption of the polar vertex. So you get very strong warming like tens of degrees Celsius in a few days, which is associated with a breakup or stretching or disruption of these winds, ani Michael Sigmond, isang research scientist sa ***Environment & Climate Change Canada***.

Isang illustration kung ano ang nagaganap kapag ang polar vortex ay na-disrupt.

Ang isa ay tinatawag na sudden stratospheric warming, ito ang matinding pag-init sa upper atmosphere, humigit-kumulang 30 kilometro sa itaas ng mundo. Nakakagambala iyon sa daloy at dinadala nito patimog.

***Ano rito ang tatama sa Canada?***

Hindi pa ito matukoy sa ngayon, aniya, bagama't ang ilan naniniwala na ito ay magiging isang sudden stratospheric warming event, na magdadala ng malamig na hangin sa timog.

Ngunit saan ito pupunta matapos maapektuhan ang Western at Central Canada?

***That's probably the biggest question.***



# GET OUT OF DEBT WITHOUT BANKRUPTCY

## Deal directly with the Licensed Debt Professionals™ at David Sklar & Associates

We are licensed by the Canadian government to file and administer programs that can relieve your serious debt problem and give you a 'fresh start'

- Get Out of Debt
- Stop Collection Calls
- Stop Interest Charges
- One Low Monthly Payment
- Without Bankruptcy
- Without Loans



Cori Naron,
Certified Insolvency Counsellor (BIA),
Estate Administrator

## For Your Free Consultation
## Call (416) 498-9200 ext. 236

**DAVID SKLAR & ASSOCIATES INC.**
Licensed Proposal Administrators & Licensed Insolvency Trustee

HEAD OFFICE: 245 FAIRVIEW MALL DRIVE, SUITE 720, TORONTO, ONTARIO, M2J 4T1
NORTH YORK ▪ TORONTO ▪ PICKERING / AJAX ▪ MISSISSAUGA / ETOBICOKE ▪ BRAMPTON

# ICC inipit medical report ni Rodrigo 'DIGONG'Duterte




**Natanggap na ng kampo ni dating Pangulong Rodrigo Duterte ang ulat mula sa panel of experts na itinalaga ng International Criminal Court (ICC) para suriin ang kanyang kalusugan.**

Layon ng ICC na suriin ang kakayahan ni Duterte na humarap sa paglilitis ng kasong crimes against humanity na isinampa laban sa kanya kaugnay ng madugong giyera kontra illegal na droga.

Kinumpirma ito ng abogado ni Duterte sa ICC na si Nicholas Kaufman nitong Sabado, Disyembre 6.

Aniya, nananatiling confidential ang dokumento at binigyan ng pagkakataon ang mga partido na magbigay ng kanilang tugon hanggang Disyembre 12.

Matatandaang binigyan ng ICC ang mga eksperto ng hanggang Disyembre 5 para isumite ang kanilang findings, kasunod ng hiling ng depensa para sa indefinite adjournment ng proceedings.


Nauna nang ibinasura ng ICC Appeals Chamber noong Nobyembre 28 ang apela ng kampo ni Duterte para sa interim release nito.

Kasalukuyang nakadetine si Duterte sa pasilidad ng ICC sa The Hague, Netherlands dahil sa mga kasong crimes against humanity kaugnay ng war on drugs.

***Ulat ng Abante News***

APPLY TODAY - WORK TOMORROW!

We currently have openings for:
GENERAL LABOUR
PACKAGERS
ORDER PICKERS / PACKERS
MATERIAL HANDLERS
SHIPPER / RECEIVERS
CERTIFIED FORKLIFT OPERATORS




EXTRA PERSONNEL
Kipling at Taber
Between Wendys and Daisy Mart
2140 Kipling Avenue Unit 5
Toronto, ONT M9W 4K5.

7:00 a.m.-4:00 p.m.
Call our Filipino Recruiter
Alvin Rota
416-740-3959



We offer the best pay rates in the industry, long and short-term assignments, tremendous full-time employment possibilities and access to some of Canada's top employers.

Applicants must have a great work ethic, a good command of the English language and safety shoes.

EXTRA
INDUSTRIAL PERSONNEL INC.
www.extraindustrialpersonnel.com

# Ang henerasyong hindi na papayag sa pang-aabuso




**PILIPINAS** - Tila tiwala ang Unkabogable Star at It's Showtime host na si Vice Ganda na Gen Z raw ang magsisimula ng henerasyong hindi papayag sa pang-aabuso sa mga usaping panlipunan at para sa bayan.

Ayon sa naging episode ng It's Showtime noong Disyembre 3, walang pag-aalinlangang sinabi ni Vice na malaki ang tiwala niya sa mga Gen Z.

"***Malaki ang pag-asa sa Gen Z, sa henerasyon ngayon***," pagsisimula niya.

Ani Vice, boboto nang tama, mag-iingay, at ***lalaban ang mga Gen Z para sa maraming usapin.***

Tsika at Intriga... Mga tomador, makinig! 'Pag inom, inom lang. Walang hawak hawak sa kamay ng katabi'
Mga tomador, makinig! 'Pag inom, inom lang. Walang hawak hawak sa kamay ng katabi' "Hindi papayag ang mga Gen Z. Boboto sila, mag-iingay sila, lalaban sila," aniya.

Pahabol pa niya, "Kayo ang boboses sa mga nananahimik."

Pagpapatuloy pa ni Vice, ang Gen Z raw ang magsisimula ng henerasyong hindi pa papayag sa pang-aabuso.

"Ang Gen Z ang magsisimula ng henerasyon na hindi papayag sa pang-aabuso. Laban mga Gen Z," pagtatapos pa niya.

Dahil dito, nagbigay rin ng saloobin ang co-host ni Vice na aktres na si Anne Curtis at sinabi niyang naniniwala rin siyang magiging ***mas mabuti at walang korapsyon na bansa ang Pilipinas dahil sa Gen Z.***

"'Yan ang mina-manifest natin. Tulad ng isang ina na mangangarap para sa mga anak nila, ganiyan din tayo para sa future generation," saad niya.

"***We manifest that the Philippines will be a bigger and greater place because of you guys. You will make the Philippines a better country with no corruption,***" pagtatapos pa ni Anne. ***RCI***

"The Travel Partner You Can Trust!" tico.ca

Polaris Travel & Tours
Polaris Travel & Tours

Contact us for LOW AIRFARES
to the Phillipines

T. 416.224.9919 • 1.800.680.3849



Conveniently Located in Centerpoint Mall

6322 Yonge Street, Unit 124, Toronto, Ontario M2M 3X4
Main Intersection: Yonge & Steeles

# Christmas wish ni Pangulong Marcos: Good budget, oras sa pamilya




*"Hangad ko ang isang mahusay at maayos na budget sa 2026 para sa bansa ngayong Pasko"*

**MANILA, Philippines** — Hangad ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. ang isang mahusay at maayos na budget sa 2026 para sa bansa ngayong Pasko.

Ito ang tugon ng Pangulo sa mga nakaharap nitong mga estudyante sa isang podcast, na nagtanong kung ano ba ang gusto niyang makamit ngayong Pasko.

Ayon sa Pangulo, nais niyang mabigyan sana sila ng kongreso ng good budget para tiyak na mapaganda ang buhay ng mga Pilipino.

Inaasahang maisusumite ng bicameral confe¬rence committee ang enrolled copy ng 2026 general appropriations bill para kaniyang mapag-aralan at mapirmahan upang ganap na maging batas bago ang araw ng Pasko.

Matatandaan na naging kontrobersyal ang 2025 pambansang budget dahil nabalutan ito ng matinding korapsyon at diumano'y mga insertion na nagdidiin sa ilang mambabatas sa isyu ng mga anomalya sa flood control projects.

Bukod sa maayos na budget para sa 2026, hiling din ni Pangulong Marcos na mas maraming oras kasama ang buong pamilya.

*-PPilipino Star Ngayon*

# DATOL ORDER



*Ulat ni Mon Datol*

## Bojie Dy at Sandro Marcos ikinasa anti-dynasty bill; VP Sara kinasuhan ng plunder sa P612.5M spy fund; Red Notice ng Interpol ke Zaldy Co; Atong Ang iaapela kaso sa 'sabungero'; Pinoy boxers dinaya sa 33rd SEAGames

**********

## Maligayang Pasko at Manigong 2026 Po Sa Ating Lahat!!!

**********

Naghain sina Speaker Bojie Dy III at House Majority Leader Sandro Marcos ng panukala na magbabawal sa political dynasty sa bansa, ang Anti-Political Dynasty Act (House Bill 6771) na siyang magiging implementing law ng Article II Section 26 ng 1987 Constitution na isa umanong hakbang upang mas maging inklusibo at mas magkaroon ng pananagutan ang mga halal na opisyal ng gobyerno..

**Matatapos na 'paghaharing-uri' ng mga pamilya sa Pinas.**

********

Sa ilalim ng HB 6771, ang mga asawa, kapatid, at mga kamag-anak hanggang 'fourth degree ng affinity at consanguinity' ng isang duly-elected public officer ay hindi na maaaring tumakbo nang sabay. Pag-naaporbahan ito ay...

**Tig-isa na lang pedeng Senador at Kongresman bawat pamilya.**

********

Opkors, damay din pamilya ng mga Marcos, pero, yan na rin siguro gustong mangyari ni PBBM dahil sa ginagawa ni Imee Marcos na 'pagta-traydor sa pamilyang Marcos' at ayaw na niyang maging Gobernador o' kahit na...

**Senador ulit o' maging Bise Pres si Manang Biday**.

********

Masasapol ng todo-todo ng HB 6771 ang mga pamilyang tulad ng Duterte, Tulfo, Villar, Cayetano, Cojuangco, Yap, Aquino, Binay, Romualdez, Revilla, Remulla, Estrada, Ejercito, Sotto, Co, Singson, Ortega, at marami pang pamilya sa buong bansa na...

**Sila-sila lang naka-upo sa pwesto mula Gob hanggang barangay-tanod.**

********

Mahaba at masalimuot pa namang proseso magaganap bago maging batas ang panukalang HB 6771 nina Speaker Bojie at Cong Sandro, pero, mas okay na yan keysa naman walang aksiyong ginagawa mga mambabatas sa ...

**Hayagang pag-alipusta ng batas-pulitika sa bansa.**

********

Sa wakas, kinasuhan na sa Ombudsman si VP Sara Duterte at iba pang opisyal ng Office of the Vice President (OVP) at Department of Education (DepEd) ng plunder sa P612.5M spy fund ng mga miyembro ng civil society groups at mga personalidad mula sa Simbahan. Malalaman na ng mga Pinoy kung sino-sino sina Mary Grace Piattos, Marian Rivera, Chel Diokno at iba pang cartoon characters na pinagbibigyan umano ng milyones ni Inday Sara at ....

**Kung paano winaldas ang P11Milyon ng isang araw lang..**

********

Kahon-kahon ng mga dokumento ang bitbit ng mga civil society leader kabilang ang mga nagreklamo sina Fr. Flavie Villanueva ng Society of the Divine Word at dating Department of Finance (DOF) Undersecretary Cielo Magno bilang mga ebidensiya sa reklamong isinampa laban kay Duterte at sa 15 opisyal ng OVP at DepEd na pinamunuan niya mula 2022 hanggang 2024.

**Paano lulusutan nina Inday Sara bulto-bultong ebidensya? .**

********

Hiniling na ng NBI sa Interpol na mag-isyu ng red notice laban kay dating Ako Bicol Party-List Representative matapos na kanselahin ng DFA ang pasaporte, ayon sa tagapagsalita ng ahensiya na si Palmer Mallari noong Biyernes..

**Bilang ng araw ni Zaldy Co ha-hantingin na sya ni The Rock.**

********

Idineklara ng Sandiganbayan si Co bilang isang "fugutive from justice" at iniutos ang kanselasyon ng kaniyang pasaporte dahil sa mga kasong malversation at graft kaugnay ng P289 milyong substandard na proyekto sa dike sa kalsada sa Oriental Mindoro..

**Di pa kasama dyan mga kaso ni Co sa Bulacan at ibang lugar.**

********

Atong Ang iaapila desisyon ng DOJ sa missing sabungero case, ito ang sinabi ni Gabriel Villareal, abogado ng bilyonaryong negosyante, sabay pagbatikos sa resolusyon na kasuhan si Ang ***kidnapping with homicide at kidnapping with serious illegal detention.***

**Lusot sa kaso si Gretchen Barretto. Paano? Ewan ko..**

********

Dinaya mga Pinoy boxers sa 33rd SEAGames sa Bangkok! Kitang-kita namang nanalo mga women boxers natin na sina Nesty Petecio at Hergie Bacyadan kontra mga nakalaban na taga-Indonesia at Thailand, respectively, pero ***IPINATALO NG MGA JUDGES!***

**Magkano na kaya ' taripa' mga huwes sa boxing ngayon?**

********

Parehas na 2024 Paris Olympian at paboritong contenders for the gold sa 33rd Thailand SEAG sina Petencio at Bacyadan kontra mga Thai boxers kayat 'tinira na sa semis' ang 2 Pinay boxers para di na umabot pa sa pinale ng kani-kanilang dibisyon, na gusto ng host na...

**Madale over-all boxing title ng 33rd SEAG.**

********

10 years kong na-kober as sportswriter (naging PRO pa ako ng ABAP under the leadership of former Manila Mayor at PSC Chair Mel Lopez (RIP) at ABAP Prexy at Manila Cong. Manny Lopez circa late 80s & 90s) kayat alam ko ang 'kalakaran' sa resulta ng malalaking boxing events, including SEAG at ASIAD. Akala ko nagbago na amatuer boxing after the Chowdry era, nagbalik na naman pala. Isa pang malaking dahilan kung bakit walang panlaban Pinas sa 'ayusan' sa SEAG, ASIAD at Olympics ay dahil sa...

**Kulang o' wala ng international referres at judges ang Pinas!**

********

Iyon ang inunang inobasyon sa ABAP ng mag-amang Mel at Manny T. Lopez mula 1987 ng hawakan na ng Lopez ang amatuer boxing sa Pinas, ang magkaruon tayo ng International Referee/ Judge na accredited sa AIBA para mag-officiate sa SEAG, ASIAD, World Championship at Olympics. Nagkaruon ang Pinas ng maraming magagaling na IRJ tulad ng mag-utol na kumpare kong Rene at Roger Fortleza (RIP) at iba pa na naging ...

**Panabla ng Pinas sa AIBA IRJ Group. Magastos, pero, Sakses ang ABAP.**

********

Wala pang nakukulong na nagnakaw ng bilyones na pera ng bayan sa malawakang flood control scam sa DPWH, habang tinitipa ko ang kolum kong ito, isang Linggo pa bago mag-Pasko at medyo inip na at asar na maraming Pinoy na nagnanis makita mga Senador, Congressmen, DPWH, COA officials at iba pang nagnakaw at kumikbak sa...

**Bilyon pisong ninakaw sa 'ghost flood control' scam.**

********

**SHORT ORDER:** Rest in Eternal Peace Ka Eddie Alinea, seasoned sports journalist of Meycauayan, Bulacan na napakalaki ang naitulong sakin nuong nagu-umpisa pa lang akong maging sportswriter sa Pinas nuong 1986. Yumao si Ka Eddie last week ayon sa kaniyang son na si fotog Wendell Alinea. Taos-pusong pakikiramay sa inyong pamilya, Wendell. Maraming Salamat, Ka Eddie. Hanggang sa Muli.

***Paalam, Kaibigan. God Bless.***

# Marcoleta kinasuhan ng perjury sa Ombudsman

MANILA, Philippines — Sinampahan ng kasong perjury sa Office of the Ombudsman ng grupong Kontra Daya si Sen. Rodante Marcoleta kaugnay nang umano'y pag-amin nito sa isang TV interview na nakatanggap siya ng P112 mil¬yong donasyon sa pangangampanya noong panahon ng eleksyon.

Nakasaad sa reklamong naisampa ng Kontra Daya sa pamamagitan nina Atty. Danilo Arao, Atty. Alexander Lacson, at Dino De Leon sa tanggapan ng Ombudsman, na inamin ng senador sa TV interview noong November 7, 2025 ng "Sa Ganang Mamamayan" nina Gen Subardiaga at Nelson Lubao, na tumanggap umano ito ng donasyon sa pangangampanya pero hindi niya ito nailagay sa kanyang Statement of Contributions and Expenditures (SOCE).

Umabot umano sa 19,000 views ang naturang panayam na mapapanood sa YouTube kung saan sinabi ng senador ang pag-



Sen. Rodante Marcoleta

kakatanggap ng P112 milyong donasyon bilang campaign fund noong 2025.

"On November 8, 2025, a clip of the interview was posted on YouTube and has since accumulated more than 19,000 views as of the time of writing of this Complaint. It showed Respondent discussing the source of his PHP 112 million campaign fund for the May 12, 2025 senatorial elections," nakasaad pa sa complaint affidavit.

Anila, ang senador na rin daw mismo ang nagsabi sa bandang 1:34-2:29 mark sa 3:30 ng naturang video clip na hindi niya raw nailagay ang nasabing halaga ng donasyon dahil baka malantad ang pangalan ng mga nagbigay sa kanya.

Bukod sa reklamong perjury, inereklamo rin ng grupo ang umano'y paglabag ni Marcoleta sa Omnibus Election Code sa Commission on Elections dahil sa pagtanggap ng kontribusyon nang tumakbong senador noong Midterm elections. *RCI*

# Senator Lito Lapid, wala raw pinag-aralan pero dinaig ang mga may pinag-aralan . . . .



Sa totoong kapamilya planong ibigay ni Sen. Lito Lapid ang kuwento ng kanyang buhay kung gagawin itong pelikula.

Recently nga lang daw ay may nakipag-usap sa kanya para sa kanyang life story pero, sinabi niyang anak o apo niya ang bibida sa kanyang buhay kung gagawing pelikula ito. "May lumapit nga sa akin, sabi ko 'tol para sa anak ko, kundi man sa anak ko, sa apo ko 'yan," pagtatapat ng senador kahapon sa isang Christmas get-together with the entertainment media.

Samantala, nauna na rin plinano ang pelikula na kasama ang mga kapwa niya senador / actor na sina former Senator Bong Revilla at sina Senators Robin Padilla and Jinggoy Estrada.

Pero dahil kasalukuyang may kinakaharap na kontrobersiya sina Bong Revilla and Sen. Jinggoy Estrada baka iba muna ang magbida.

Nanghihinayang siya na hindi na matutuloy ang nasabing "casting coup" for obvious reasons - ongoing investigation sa flood control projects.

As we all know, si Coco ang napisil na magdirek ng naunsyaming proyekto.

Pumayag naman siya at nagbiro pang "lolo" na lang ang magiging role niya. "'Yung mga ayaw sumama 'bayaan natin, kasi po libre ito, wala po kaming bayad du'n. Sama-sama kami sa pelikula, mga datihan, lalong-lalo na kaming mga senador, para may magawa naman kami (para sa industriya)," banggit ni Sen. Lito.

Sa original plan kasi, si Sen. Jinggoy ang naatasang magprodyus ng mala-Hollywood film nila. "May plano talaga 'yon," kwento ni Sen. Lito sa naunang interbyu.

Anyway, common knowledge na naging malapit sa isa't isa sina Coco at Sen. Lito nang magkasama sa ABS-CBN action seryeng FPJ's Ang Probinsyano at FPJ's Batang Quiapo.

Si Sen. Lito rin ang tumatayong fight director ng boyfie ni Julia Montes.

Anyway, hanggang 2031 pa ang term ni Sen. Lito sa Senado.

Ito ay sa kabila ng mga intriga na wala siyang pinag-aralan at lagi lang siyang nanahimik sa mga isyung pinag-uusapan sa ating bayan. Kabilang nga si Sen. Lito sa mga pinalad na manalo noong nakaraang eleksyon, na karamihan sa tumakbong artista ay natalo.

Pero as usual, ayaw siyang tigilan ng mga panlalait.

Kaya ang bilin niya sa mga anak, mag-aral na mabuti para hindi maranasan ang mga panglilibak sa kanya. "Lagi ko naman sinabi sa kanila na mag-aral sila. Kasi kahit hindi po ako nakapag-aral wala namam po akong magagawa kahit ganun po ang kantiyaw sa akin na hindi ako marunong mag-English, hindi ako marunong magsalita dahil kulang po ako sa basa.

"Ahhh kung kantiyawan si Lito Lapid ganun-ganun na lang kung maliitin eh ang tagal ko na pong sinasabi ito, unang presscon ko palang nung Jess Lapid Story (first movie) sinabi ko na kung anung pagkatao ko, sinabi ko hindi po ako marunong nito dahil 'di po ako nakapag-aral kaya ang ginawa ko para makamit ko bilang isang bida sa pelikula, nag-stuntman ako, hinampas-hampas ko lang ang katawan ko dahil kulang ako sa pinag-aralan.

"Eh hindi ko naman po alam na makakarating ako rito (bilang senador ng four terms), kahit na barangay captain lang hindi ako qualified, kahit na kagawad hindi ako qualified 'yan po ang nasa isip ko.

"Wala akong karapatan pumasok sa politika dahil kulang ang pinag-aralan ko pero wala po akong nagawa eh dinadala ako nang kapalaran dito," pahayag pa niya sa mga patuloy na kumukwestyon sa kanyang kapasidad bilang isang pulitiko.

Dagdag pa ng pulitikong aktor na : "Hanggang ngayon sinasabi pa rin nilang kulang ako sa edukasyon 'yun pa rin ang bala nila sa akin. Naging vice governor ako ng tatlong taon, naging governor ako ng tatlong term bale nine years, 12 years po akong nanungkulan sa local ngayon po pang-apat ko na po ito na termino bilang senador at ganun pa rin ang sinasabi nila sa akin, sino si Lito Lapid? Nandiyan pa ba si Lito Lapid," may hugot niyang pahayag kahapon.

"Hindi namin naririnig si Lito Lapid!' inaako ko na lang po dahil anong magagawa ko dahil kulang talaga ako, anak lang po ako ng labandera, kaya sinabi ko sa mga anak ko, ipaghiganti ninyo ako mga anak.

"Mag-aral kayo! Ayaw ko marinig, ayaw kong mainsulto kayo na nararanasan ko ngayon," sabi pa niya habang katabi ang anak na si Mark na Chief Operating Officer (COO) ng Tourism Infrastructure and Enterprise Zone Authority.

"May doctorate na siya, pinagbutihan niya ahh sinunod niya ang kagustuhan ko at 'yun nga lahat ng mga anak ko, lahat graduate, kaya wala kayong karapatan magsalita, wala kayong karapatan na sabi-sabihin ninyo na hindi kayo nakapag-aral 'yan ang 'di ko papayagan.

"Tinaya ko ang buhay ko pawis, dugo sa showbiz, mula sa pagiging stuntman, naging bida para mapaaral ko ang mga anak ko dahil 'yun ang laging binabato kaya Lito Lapid ayaw kong ibato sa inyo. Kaya ngayon hindi mabato sa kanila ibinabalik nila lagi sa akin, tulad ang masasabi ko kung nasasaktan ako o hindi, nasasaktan ako dahil tao lang ako pero wala akong magawa," mahaba-habang pahayag ni Sen. Lapid.

Natupad lahat ng pangarap niya sa mga anak na makapag-aral kabilang na si Ysabelle Ortega. - ***Pilipino Star Ngayon***

# VR Stones & Quartz Inc.

***VR Stones & Quartz Inc. is a family-owned and operated business with almost 10 years of experience fabricating and installing Quartz, Granite, Marble, and other stone products.***

VR Stones & Quartz Inc. is a family-owned and operated business with almost 10 years of experience fabricating and installing Quartz, Granite, Marble, and other stone products. We carry our own Quartz materials which we import overseas with a simple goal of making everyone s dream a reality by having your beautiful kitchen countertop in a reasonable/affordable price but on a stunning and timeless look.

We also source from all major slab suppliers such as MSI Stone, Caesarstone, Hanstone, Silestone, TCE Stone, Kstone Quartz, Lucent Quartz, Highland Stone & Quartz, Vicostone and more. Whether you re eyeing for Quartz or Granite etc., we are able to get and fabricate it to your specifications.


At VR Stones & Quartz Inc., we personally involved in every project from the beginning stages of planning to final installation, ensuring the results you see at completion are exactly what you envisioned. We take a hands-on, individual approach to work with each of our clients, focus on the quality, superior service and client satisfaction.



*Cabinet & Countertop Store*

With our expertise, we have top notch ideas to help you design your dream kitchen by considering the room s size, lighting level, intended use, and desired colors. Our experts can let you know what materials, manufacturers, and designs will work best for your project. Since we know how frustrated planning a renovation in designing your kitchen or other areas of your house that requires a countertop, VR Stones & Quartz Inc. also offer all kinds of services available from demolition, plumbing, tiling, disposal etc. to ensure that you are 100% satisfied and stress free with the outcome of your project.

Our clients include both residential and commercial customers, as well as builders and designers. For all your countertop needs, please feel free to call us and experience what all our satisfied clients have experienced from us!



***VR STONES & QUARTZ INC., YOUR COUNTERTOP EXPERT!!!!***

***For More Information CALL: 647-877-6133***



## JOKES OnLEE

*A husband coming home from a confession, suddenly he lifted his wife and carried her.*

**Wife:** *Why did the priest tell you to be romantic like this?*

**Husband: No, he told me to carry my cross!**

---

Wonder girls may say,

**"I want nobody, nobody but you.."**

Then, the boys will reply,

**"I want your body, your body not YOU!!!"**

---

True bravery is to arrive home.. fully drunk from late night out and mom waiting with a broom in hand, then you asked:

**"Hey mom, still cleaning?"**

---

*Do you know the last thing my grandfather said to me before he kicked the bucket?*

**"Grandson, watch how far I can kick this bucket."**

---

What's the difference between a poorly dressed man on a tricycle and a well-dressed man on a bicycle? ***Attire!***

---

**Why did the kid throw his clock out the window?**

***Because he wanted to see time fly.***

---

**Which bird has the worst manners?** *Mocking birds.*

---

**What do you get from a pampered cow?**

*Spoiled milk.*

---

**I can't take my dog to the park because the ducks keep trying to bite him.**

*I guess that's what I get for buying a pure bread dog.*

---

**What did the big flower say to the little flower?**

*Hi, bud!*

---

**How does NASA organize a party?**

*They planet.*

# Rack 'em: Komunidad ng mga Pilipinong manlalaro ng bilyar sa Winnipeg lumalaki



***The game of billiards is very important to the Filipino community. It's equivalent to hockey here in Canada, ani Marvin Quiambao.***

**Sa Pilipinas, ang bilyar ay katumbas ng hockey sa Canada, ayon sa tournament organizer ng bagong dokumentaryo**

Sa loob ng pool halls at billiard lounges sa buong Winnipeg, ang mga Pilipinong manlalaro pinapanatiling buhay ang larong bilyar.

The game of billiards is very important to the Filipino community. It's equivalent to hockey here in Canada, ani Marvin Quiambao.

Si Quiambao, isang Filipino Canadian na mahilig sa bilyar, may misyon na lumikha ng isang komunidad at koneksyon sa kanyang kultura sa pamamagitan ng naturang laro. Sa Winnipeg, sinimulan niyang buoin ang grupo para sa mga Pinoy player. Ngayon siya na ang nag-oorganisa ng mga torneo at event na nakapokus sa pagsasama-sama ng mga Pilipinong manlalaro sa billiard table.

The Filipino billiards community is very important to me, ani Elison Brotonel Duque Jr., na dumadalo sa mga event at torneo para sa mga Pilipinong manlalaro sa Winnipeg. I've been playing pool for 13 years, and whenever I play pool, I feel alive

***Ang bilyar (kadalasang ginagamit bilang isang generic term para sa cue sports , kasama ang pool, na nilalaro sa isang table na may pockets) ay nananatiling popular sa Pilipinas. Ang bansa ay nagprodyus ng magagaling na manlalaro, kasama ang world champion na si Efren Reyes , kabilang ang ibang prominenteng manlalaro.***

Ang lumalaking Filipino billiards community sa Winnipeg ang tema ng bagong bidyo ng mga estudyante sa Create program ng Sisler High School, isang post-high school program na sinasanay ang mga estudyante sa creative digital arts, kabilang ang filmmaking. **-RCI**

---

# VP Sara Duterte: Impeachment raket sa budget



**Sinupalpal ni Vice President Sara Duterte** ang mga nagsusulong ng impeachment complaint laban sa kanya na ginagamit lang aniya ang nasabing hakbang para sa kanilang raket sa national budget.

Binanggit ni Duterte ang mga ibinunyag umano nina Senador Francis "Chiz" Escudero at Navotas City Rep. Toby Tiangco, gayundin ng ilan pang miyembro ng Kamara na noong Pebrero 2024 ay nagpapirma para sa impeachment laban sa kanya at bilang kapalit ay bibigyan ng alokasyon sa badyet.

Pero, sa kabila ng mga nabunyag tungkol sa impeachment complaint, sinabi ni Duterte na wala man lang isinagawang imbestigasyon tungkol sa nasabing isyu.

Ngayon aniya muli na namang ginagamit ang impeachment bilang "bargaining chip" bago ang pag-apruba sa panukalang national budget para sa 2026.

Sa kabila nito, nanindigan si Duterte na nakahanda siyang sagutin lahat ng mga alegasyon laban sa kanya.

Samantala, depende umano sa magiging desisyon ng Supreme Court (SC) sa motion for reconsideration ang susunod na hakbang ng Kamara impeachment case laban kay VP Sara Duterte.

Kasabay nito, hinimok ang SC na resolbahin na ang mosyon sa desisyon ng mga mahistrado na hinarang ang pagdinig ng Senado sa impeachment complaint.

*Ulat ng Abante News*

# Bong Revilla amoy Pasko sa kulungan – Boying Remulla

***"Ang naratibo na pilit nilang ikinakasa laban sa akin ay hindi lamang kasinungalingan, ito'y sadyang 'di kapanipaniwala,"*** giit ng dating senador. ***"I am an easy target being used to muddle the truth, but the truth will always come out."*** saad ni Revilla jr.



***Dating Senador Ramon "Bong" Revilla Jr.***

**Posibleng arestuhin si dating Senador Ramon "Bong" Revilla Jr. bago magpasko base sa rekomendasyon ng Independent Commission for Infrastructure (ICI)**, ayon kay Ombudsman Jesus Crispin "Boying" Remulla.

Ayon kay Remulla, sapat ang ebidensiya laban kay Revilla sa flood control scam matapos itong ikonek sa anomalya nina dating Department of Public Works and Highways (DPWH) Undersecretary Roberto Bernardo at dating Bulacan District Engineer Henry Alcantara.

Pinag-aaralan aniya ng Office of the Ombudsman ang posibleng pagsasampa ng kasong malversation at plunder laban kay Revilla.

Matatandaang inihayag ni Bernardo na naghatid siya ng P125 milyon sa bahay ni Revilla noong Disyembre 2024, at iniutos pa umano ang paghahatid ng karagdagang P250 milyon bago magsimula ang campaign period para sa senatorial elections nitong 2025.

Sa kanyang pahayag noong Sabado, Disyembre 6, binigyang-diin ni Revilla na isa siyang "easy target" na ginagamit para pagtakpan ang katotohanan.

"Ang naratibo na pilit nilang ikinakasa laban sa akin ay hindi lamang kasinungalingan, ito'y sadyang 'di kapani-paniwala," giit ng dating senador. "I am an easy target being used to muddle the truth, but the truth will always come out." *Ulat ng Abante News*

# Mga kaso ng flu tumaas sa Canada at mga bata ang matinding tinamaan



***Maraming batang Canadian ang nag-test ng positibo para sa influenza.***

## Nagsimula na ang flu season sa bansa

**Matinding tinamaan ng flu season ang mga bata, binaha ang mga ospital ng mga batang pasyente.**

**Ang CHEO, ang children's hospital sa silangang Ontario sa Ottawa, iniulat na walong beses na mas maraming bata ang nagte-test ng positibo para sa influenza ngayong Nobyembre kumpara sa parehong buwan noong nakalipas na taon.**

**- *RCI***

# Presyo ng pagkain maaaring tumaas sa 2026, nangunguna rito ang karne


Ang mga presyo ng pagkain sa Canada maaaring tumaas ng apat hanggang anim na porsyento sa susunod na taon, itinulak ng mas mahal na meat products, ayon sa forecast ng mga researcher sa Dalhousie University.

Ang karne ng baka ay inaasahan na magiging mas mahal, may potensyal na tumaas sa pitong porsyento, habang lumiliit ang cattle sizes (ang mga merkado na iyon ay madaling maapektuhan ng mga taripa) at mas maraming rantsero ang umaalis sa industriya, sinabi ng research team sa likod ng Food Price Report ng Canada.

We're expecting another difficult year due to beef prices and, because people are pivoting towards chicken, chicken prices are also on the rise, ani Sylvain Charlebois, direktor ng Agri-Food Analytics Lab ng unibersidad at ang lead author ng report.

Sa pangkalahatan, ilang factor ang maaaring mag-contribute sa grocery inflation sa susunod na 12 buwan, ayon sa Food Price Report — kasama rito ang nagpapatuloy na alitan sa kalakalan sa Estados Unidos, mga pagbabago sa food manufacturing landscape at iba pang economic factors, tulad ng labour conditions.

Humigit-kumulang isang-kapat ng Canadians ang nakatira sa mga tahanan na kulang sa pagkain, ayon sa Food Banks Canada, ibig sabihin wala silang sapat na access sa pagkain dahil sa pinansyal na kadahilanan.




# Ang mabangis na hayop at Ang babaeng patutot



Isa sa mga paksang may malalim na kahulugan, dapat itong basahin ng mabuti upang maunawaan ay malaman ang katotohanan. Sa tulong ng banal na espiritu tayo'y gagabayan upang maisiwalat sa atin ang katakut-takot na mangyayari sa hinaharap.

**Ano ang mabangis na hayop?** *Basahin ang Apocalipsis 13:1* ito ay tumutukoy sa new world order (Ang katawan ng mabangis na hayop bilang iisa) o iisang batas na susundin ng buong mundo, madalas mong mabasa ito sa vlog at peryodiko, totoo ito at maganap pa lamang. Halimbawa nga ang isang bansang makapangyarihan ay may batas na death penalty, kaya't ang lahat ng bansa ay magkakaroon na dapat ipatupad sa buong daigdig.

Ang mabangis na hayop ay may pitong ulo sa pi-

tong kontinente, mas palalimin pa natin, Basahin ang Apocalipsis 17-9-10. Ang pitong bundok na ito ay siyang pitong kontinente anupa't sila din ang pitong naghahari sa bawat tribo, lahi at wika.

Ang mga iyon ay mayroong sampung sungay basahin ang Apocalipsis 17:12 na ibig sabihin sa bawat kontinente ay may hihirangin na isa o dalawang continent leader(s). Halimbawa sa kontinente ng Asya, ang makapangyarihang bansa ay Russia kaya't pagbobotohan ng mga bansa sa Asia upang hirangin bilang continent leader na si Vladimyr Putin. Ang bawat sungay ay may suot na diadema, ito ay sumisimbolo sa kapangyarihan at sa kanya ibinubuhos ang kayamanan ng bawat bansang kaanib sa kontinente.

**Ano naman ang babaeng patutot?** *Basahin ang kabanata 17:4-6 ng Apocalipsis*, Ang babaeng patutot ay kahalintulad ng Babilonyang dakila, alam Naman natin na ang kabihasnang ito ay talamak ang pagsamba sa dios-diosan at hindi kataka-taka na kanilang itinatakwil ang Aral sa salita ng diyos. Kaya sa madaling salita ang babaeng patutot ay isang huwad na relihiyon, upang higit tayong makakuha ng ideya kung anong relihiyon ito ay mababasa nga sa talata 6 ng Apocalipsis kabanta 17, na ang huwad na relihiyon ay "lasing sa dugo ng mga banal at sa dugo ng martir ni Jesus" nangangahulugan na ang pekeng relihiyon na ito ay pumapatay ng mga inosenteng kristiyano at ipinapahamak ang mga miyembro ng kanilang simbahan, nagtuturo ng kamalian sa mga tao dahilan upang magdusa sila.

### Ano ang gagawin ng babaeng patutot?

*Basahin ang Apocalipsis 17:2-3,* siya ay makiki-apid sa mga hari o makikisawsaw sa pulitika datapuwa't may mga lider ng relihiyon ang papasok sa pulitika, siya ay nakasakay sa mabangis na hayop, pilit nitong pag-iisahin ang batas ng tao at batas ng diyos.

***-JW.org***



# Kailan Ipinanganak si Jesus?



### Ang sagot ng Bibliya

Hindi sinasabi ng Bibliya ang espesipikong petsa ng kapanganakan ni Jesu-Kristo, gaya ng ipinakikita ng sumusunod na mga reperensiya:

"Walang nakaaalam ng totoong petsa ng kapanganakan ni Kristo."—New Catholic Encyclopedia.

"Walang nakaaalam sa eksaktong petsa ng kapanganakan ni Kristo."—Encyclopedia of Early Christianity.

Bagaman hindi tuwirang sinasagot ng Bibliya ang tanong na 'Kailan ipinanganak si Jesus?,' inilalarawan nito ang dalawang pangyayari noong panahong isilang siya na nakakumbinsi sa marami na hindi siya ipinanganak noong Disyembre 25.

### Hindi sa taglamig

***Ang pagpaparehistro***. Bago ipanganak si Jesus, ipinag-utos ni Cesar Augusto na "ang buong tinatahanang lupa ay magparehistro." Ang lahat ay dapat magparehistro "sa kaniyang sariling lunsod," at ang paglalakbay ay maaaring tumagal nang isang linggo o higit pa. (Lucas 2:1-3) Ang utos na iyon—na inilabas marahil para sa pangongolekta ng buwis at pangangalap ng sundalo—ay malamang na hindi katanggap-tanggap sa anumang bahagi ng taon. Kaya malamang na hindi ilalabas ni Augusto ang utos na iyon sa panahon ng matinding taglamig, dahil baka lalo itong ikagalit ng kaniyang mga nasasakupan.

***Ang mga tupa***. Ang mga pastol ay "naninirahan sa labas at patuloy na nagbabantay sa gabi sa kanilang mga kawan." (Lucas 2:8) Sinasabi ng aklat na Daily Life in the Time of Jesus na ang mga kawan ay pinapastulan sa parang "isang linggo bago ang Paskuwa [pagtatapos ng Marso]" hanggang kalagitnaan ng Nobyembre. Pero "pinalilipas nila ang taglamig nang nakasilong; at mula rito pa lamang ay makikita na malamang na mali ang nakaugaliang petsa ng Pasko, sa taglamig, yamang ang Ebanghelyo ay nagsasabi na ang mga pastol ay nasa parang."

### Pasimula ng taglagas

Matatantiya natin kung kailan ipinanganak si Jesus kung magbibilang tayo pabalik mula sa petsa ng kaniyang kamatayan noong Paskuwa, Nisan 14, tagsibol ng taóng 33 C.E. (Juan 19:14-16) Mga 30 anyos noon si Jesus nang simulan niya ang kaniyang tatlo't-kalahating-taóng ministeryo, kaya ipinanganak siya sa pasimula ng taglagas ng 2 B.C.E.—Lucas 3:23.

### Bakit Disyembre 25 ang Pasko?

Kung wala namang katibayan na Disyembre 25 ang petsa ng kapanganakan ni Jesu-Kristo, bakit sa petsang ito ipinagdiriwang ang Pasko? Sinasabi ng Encyclopædia Britannica na malamang na pinili ito ng mga lider ng simbahan para "makasabay ng paganong kapistahang Romano na gumugunita sa 'araw ng kapanganakan ng di-malupig na araw'" tuwing winter solstice. Ayon sa The Encyclopedia Americana, naniniwala ang maraming iskolar na ginawa ito "para maging mas katanggap-tanggap ang Kristiyanismo sa nakumberteng mga pagano." ***-JW.org***



# Ano ang Sinasabi ng Bibliya Tungkol sa Pasko?

### Ang sagot ng Bibliya

Hindi sinasabi ng Bibliya ang petsa kung kailan ipinanganak si Jesus, at hindi rin nito iniuutos na ipagdiwang natin ang kaniyang kaarawan. Sinasabi ng Cyclopedia nina McClintock at Strong: "Ang pagdiriwang ng Pasko ay hindi iniutos ng Diyos, ni nagmula ito sa BT [Bagong Tipan]."

Kung susuriin natin ang pinagmulan ng Pasko, malalaman nating nag-

ugat ito sa paganong mga ritwal. Ipinakikita ng Bibliya na nagagalit ang Diyos kapag sinasamba natin siya sa paraang hindi niya sinasang-ayunan.—Exodo 32:5-7.

## Ang pinagmulan ng mga kaugalian sa Pasko

***Pagdiriwang ng kaarawan ni Jesus:*** "Hindi ipinagdiwang ng sinaunang mga Kristiyano ang kapanganakan [ni Jesus] sapagkat itinuturing nila na ang selebrasyon ng kapanganakan ninuman ay isang kaugaliang pagano."—The World Book Encyclopedia.

***Disyembre 25***: Walang katibayan na sa petsang ito ipinanganak si Jesus. Malamang na pinili ito ng mga lider ng simbahan para tumapat sa paganong mga kapistahan na ipinagdiriwang sa panahon ng winter solstice.

***Pagbibigayan ng regalo, handaan, party:*** Sinasabi ng The Encyclopedia Americana: "Ang Saturnalia, isang kapistahang Romano na ipinagdiriwang sa kalagitnaan ng Disyembre, ay nagsilbing parisan ng maraming kaugalian ng pagsasaya sa Pasko. Halimbawa, hinango mula sa pagdiriwang na ito ang magarbong pagpipista, ang pagbibigayan ng mga regalo, at ang pagsisindi ng mga kandila." Sinasabi ng Encyclopædia Britannica na tuwing Saturnalia, "inihihinto ang lahat ng trabaho at negosyo."

***Christmas light:*** Ayon sa The Encyclopedia of Religion, dinedekorasyunan ng mga taga-Europa ang kanilang bahay "ng mga ilaw at iba't ibang uri ng evergreen" para ipagdiwang ang winter solstice at itaboy ang masasamang espiritu.

***Mistletoe, holly:*** "Naniniwala ang mga Druid na may kapangyarihan ang mistletoe. Sinasamba ang evergreen na holly sa pag-asang babalik ang araw."—The Encyclopedia Americana.

***Christmas tree:*** "Ang pagsamba sa puno ay karaniwan sa mga paganong Europeo at nagpatuloy kahit noong nakumberte na sila sa Kristiyanismo." Halimbawa, kaugalian pa rin nila na "maglagay ng Yule tree sa pasukan o sa loob ng bahay sa panahon ng mga kapistahan sa taglamig."—Encyclopædia Britannica.

## Alam mo ba?

Hindi nakikisali ang mga Saksi ni Jehova sa politika, pero ipinagpapasalamat at nirerespeto namin ang mga ginagawa ng gobyerno. (Roma 13:1; 1 Timoteo 2:1, 2) Para sa iba pang impormasyon, bisitahin ang **JW.org** Basahin ang "***Bakit Neutral sa Politika ang mga Saksi ni Jehova?***"

# Pangulong Marcos inihalintulad korapsyon sa 'cancer'

**MANILA, Philippines** — Inihalintulad ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. sa sakit na kanser ang problema sa korapsyon ng bansa.

Sa pagharap ng Pangulo sa Malacañang Press Corp (MPC), sinabi ng Pangulo na dahil sa katiwalian ay marami ang nagdurusa kaya sinisimulan niyang linisin ang problema sa pamamagitan ng "major surgery".

"But we are trying precisely to change the entire system. And when you have to excise a cancer out of such a complicated system, you need to do some very major surgery," sabi ng Pangulo.

Humingi ng dispensa ang Pangulo sa maraming Pilipinong naapektuhan ng katiwalian, partikular ang dumanas ng mga matitinding pagbaha dahil sa palpak na flood control projects kaya panahon na para mawala ang talamak na problema na nagsimula tatlong dekada na ang nakaraan.

Aminado naman ang Pangulo na sadyang naging magulo at masakit ang mga pagbabagong ipinapatupad ng administrasyon dahil layunin nitong baguhin ang buong sistemang matagal nang pinaghaharian ng katiwalian.

Kasabay nito, humingi rin ng paumanhin sa publiko si Marcos sa naging epekto nito, subalit iginiit na kung hindi ito gagawin ay magpapatuloy lang ang maling gawain sa nakalipas na tatlong dekada.

Nilinaw din ng punong ehekutibo na alam ng kanyang team ang direksyong tinatahak at hindi sila nawawala sa landas, lalo na sa pagpapatuloy ng kampanya kontra korapsyon at abuso.

Sa kabila ng mahirap na kasalukuyang sitwasyon, umaasa naman si Marcos na balang araw ay masasabi ng mga Pilipio na "worth it" ang mga sakripisyo.

Matagal man aniya ang proseso, subalit kung magtatrabaho ng tuluy-tuloy ay makakamtan din natin ang hinahangad na magandang resulta. *-Pilipino Star*







P.O. Box 73066 / 2300 Lawrence Ave. E. Toronto, ONT M1P 2R2

# TALIBA/Flipz Media

***(Magazine & Social Media Services)***

We reserve the right to refuse sexist, racist or otherwise offensive advertising. Information has been obtained by Taliba Newspaper Canada Ltd / Flipz Media from sources believed to be reliable. However, because of the possibility of human or mechanical error by our sources, the publisher and its research staff can not guarantee the accuracy, adequacy, or completeness of any information and is not responsible for any errors or omissions or the results obtained from use of such information. The views expressed in TALIBA are those of the writers/contributors and do not represent the opinions of the editors and / or the publisher. Statements made in advertisements printed, inserted or attached to TALIBA are not endorsed in any manner whatsoever. Most texts and photos in this issue are from reliable sources gathered by our research team and staff. TALIBA/ FLIPZ MEDIA aims to strenghten the mind, body and spirit of our readers so that they may have realistic views of life and be able to cope with daily problems. We are non-political, non-religious, non-partisan, non-competitive and non-racial. We stand for truth, justice, equality and fraternity. We intend to make a difference.

***"Bringing your products & services at the forefront of digital industry."***

**ABOUT:** While maintaining a politically neutral position, it will promote positive views about Canadian cultures and heritage. Media hub that merges Filipinos to other cultures through culinary ideas, music, entertainment, business and current affairs. Provides helpful information for new immigrants concerning employment, government assistance etc. The magazine will help entrepreneurs promote their services, as well as artists showcase their talents. The magazine will provide point of contact information concerning government programs, business start-up, talent hub and charities.

**SERVICES:** Provide magazine and online social media presence while promoting business services and talents. Provide photography/ videography services for social events, weddings, portraits and starting modelling portfolio. Provide advertisement design layout including photography service for promotional purposes. Provide website design and web hosting businesses.

*VISIT **www.talibaflipzmedia.com** or CALL ROLLY : **647-287-1870***